

1. Mga Pamamaraan Upang Makaiwas sa Pinsala na Dulot ng Lindol sa ating Tahanan.

Kung magkakaroon ng malakas na lindol, alam nyo ba kung gaano kalakas ang mangyayaring pagyanig sa kasalukuyang tinitirahan? Kung sakaling magroon ng lindol na direktang tatama sa lungsod ng Tochigi, maraming lugar ang inaasahang makakaranas ng seismic intensity na mababang 6 hanggang sa malakas 6 at ilang lugar ay inaasahang din na maaaring magkaroon ng intensity 7.

Ginagawa ba ang mga pamamaraan o countermeasures upang hindi matumba ang aparador at ang mga hunos nito na mahulog pati na ang mga nilalaman? Maaaring madaganan ng mga muwebles o bumagsak ito sa pintuan na maharangan ang pasukan, mga pinggan at iba pang mga bagay na magkakalat sa sahig na lilikha ng mapanganib na sitwasyon. Dapat ay isagawa ang mga pamamaraan sa pang-araw-araw upang makaiwas sa ganitong panyayari.

Sa mga sakuna na tulad ng lindol na nagdudulot ng malawakang pinsala ay maaaring magkaroon ng maraming mga bilang ng biktima, pagkakasira ng mga imprastraktura sa pang-araw-araw na pamumuhay tulad ng kuryenta, tubig at komunikasyon. Samakatuwid, mahalagang maghanda ng mga pang-emergency na supply mula sa oras ng pagkakaroon ng sakuna hanggang sa paghupa ng kaguluhan na dulot nito. Dapat mag-imbak ng supply na hindi bababa sa para sa tatlong araw o mas mainam ay para sa isang linggo.

Napakahalaga ng tubig sa atin kaya kapag nagkaroon ng lindol, maaaring maputol ang supply nito sa mahabang panahon. Nararapat na mag-imbak ng humigit kumulang na 3 litro ng inuming tubig para sa isang tao sa bawat araw.

Bilang karagdagan sa pagkawala ng tubig, ang mga palikuran ay hindi magamit dahil sa nasirang sewage systems. Maigi na gumamit ng portable toilets na may toilet bags na may kasamang coagulant o kemikal na magpapatigas nito. Maghanda ng 6 na coagulant para sa bawat tao sa kada araw.

Ang pag-imbak ng pagkain mula sa labis na binibili sa karaniwan ay isang mabisang pamamaraan ng paghahanda.

Suriin natin muli ang mga pamamaraan na maaaring gawin sa ating tahanan upang maka-iwas sa malaking pinsala kung sakaling magkaroon ng lindol.

2. Ang Wastong Paghihiwalay ng Basura

Sa nakaraang Enero ay nagkaroon ng insedente na umusok ang ang trak ng basura sa Ohira at Iwafune. Ito ay sanhi ng itinapon na rechargeable battery at spray can na hindi binutasan at itinapon kasama ang mga iba pang non-burnable garbages.

Bilang karagdagan, sa mga nakalipas na taon, mayroong humigit 100 na insidente sa isang taon ng pagkakaroon ng sunog sa Tochigi Clean Plaza, ang tapunan ng basura ng lungsod na ang pangunahing sanhi ay ang pagtatapon ng mga maliliit na rechargeable batteries at spray cans na hindi binutasan na ihinalo sa mga non-burnable garbages. Kapag nagkaroon ng sunog, hindi lamang ang trak o ang pasilidad na tapunan ng basura ngunit ay maaari rin itong magdulot na aksidente na maging banta sa buhay ng mga manggagawa at mga lokal na residente.

Ang mga maliliit na rechargeable batteries ay dapat ilagay sa mga collection boxes na matatagpuan sa mga piling pamilihan ng lungsod, meron din lagayan sa pangunahing gusali ng munisipiyong at sa mga sangay na tanggapan nito sa ibat ibang lugar at ganun din sa Tochigi Clean Plaza.

Para sa mga spray cans at cassette gas tanks, pagkatapos maubos ang laman nito ay dapat butasan ng dalawa o higit pa. Bilugan ang butas at dapat ihiwalay ang mga ito sa iba pang non-burnable garbage. Ilagay ito sa hiwalay na transparent plastic bag.

Mangyaring sundin ang alituntunin at itapon ang wasto ang basura.

3. Huwag Ibihos ang Mantika o Labi ng Kinaninan sa Lababo ng Kusina!

Kapag ibinuhos ang naiwang mantika sa pagluluto o ang naiwang pagkain sa daluyan ng tubig sa lababo ng kusina ay maaaring lumamig at tumigas ito sa loob ng mga drain pipes na magiging solido ang mga ito at magdudulot ng mahinang pagdaloy ng drainage o pagkabara ng tubo ng lagusan. Ganundin ang mangyayari kung ibinuhos ang mga naiwang pagkain.

Upang maiwasan ang mga ganitong pangyayari ay dapat gawin ang mga sumusunod na abiso upang hindi ibuhos ang ginamit na mantika at naiwang pagkain sa lababo na dadaloy sa mga imburnal.

___ Huwag ibuhos ang ginamit na mantika kung hindi ay patigasin ito gamit ang coagulant na mabibili sa mga pamilihan at itapon kasama ang burnable garbage.

___ Punasan ng kitchen tissue ang naiwang mantika sa kawali o pinggan bago hugasan.

___ Huwag ibuhos ang natirang sabaw ng cup ramen, ibabad ang kitchen tissue dito at itapon sa basurahan.

___ Huwag ibuhos ang mga maliliit na parte ng gulay sa drain ng lababo.

Bukod sa lababo sa kusina, huwag din ibuhos sa kubeta ang mga papel na hindi nalulusaw sa tubig maliban sa toilet papers. Huwag din i-flush ang mga diapers at iba pa

4. Tungkol sa Strawberry ng Tochigi

Ang Tochigi Ken ang pinakamalaking producer ng strawberry sa Japan sa loob ng mahigit 50 taon. Sa Tochigi Ken ay may mahabang sikat ng araw sa taglamig at sinasamantala ito upang makapagtanim ng matamis at masarap na strawberries sa mga greenhouses. Bilang karagdagan ang malaking agwat ng temperatura sa araw at gabi ay mainam na kondisyon sa pagtatanim ng strawberry. Tinanyagan na “Kaharian ng Strawberry ang Tochigi Ken”, ang lungsod ng Tochigi ay pangalawa sa lungsod ng Moka sa pag-aani ng strawberry. Ang nag-iisang Strawberry Research Institute ng bansa na Tochigi Prefecture Agricultural Experiment Station ay matatagpuan sa Otsuka Machi ng Tochigi City. Dito sinasaliksik ang mga strawberry sa Japan. Ang tanyag na TochiOtome na kumakatawan sa uri ng strawberry ay nilikha dito na sa ngayon ay sumasakop sa 30% sa strawberry production ng buong Japan. Bilang karagdagan, ang malaking strawberry na tinawag na “Skyberry”, ang kamakailang nakikita na “Tochiaika” at ang puting strawberry na “Milky Berry” ay mga uri ng strawberries na nilikha sa Strawberry Research Institute na maaring tawagin ang Tochigi City bilang tahanan ng strawberry.

Ang strawberry ay naglalaman ng Anthocyanin at Vitamin C na mabisang antioxidant. Sinasabi na ang pagkain ng 5 malalaking strawberry kada araw ay makukuha na ang kailangan Vitamin C sa isang araw.

May mga ilang tourist farm sa lungsod gaya ng Iwafune Fruit Park at ang Agri-no-Sato.

Sa kapanahunan ng strawberry, lasahan ang sariwang prutas na ito na likha lamang sa lugar na kinaroroonan upang lalong gumanda at sumigla.